DENR

DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

# Fwd: COMPLAINT FILED BY FREDDERICK V. URBANO AGAINST CENR OFFICER ANASTACIO A. SANTOS OF CENRO, SABLAYAN, OCCIDENTAL MINDORO. 8888 TICKET REF. NO. W20230808-956-11 (FOLLOW-UP)

1 message

**CONTACT CENTER NG BAYAN (CCB)** <email@contactcenterngbayan.gov.ph> Fri, Sep 22, 2023 at 9:52 AM

To: "denr@8888.gov.ph" <denr@8888.gov.ph>, "actioncenter@denr.gov.ph" <actioncenter@denr.gov.ph>, "mimaroparegion@denr.gov.ph" <mimaroparegion@denr.gov.ph>, "R4B PENRO Occ. Mindoro" <penroocc.mindoro@denr.gov.ph>

Dear Sir / Madam:

Greetings from Contact Center ng Bayan!

We will forward this email to 8888 Citizen's Complaint Hotline, for their information and reference.

Kindly please acknowledge receipt .

Thank you.

**Contact Center ng Bayan**
Public Assistance and Information Office
Civil Service Commission - Central Office
CSC Building, IBP Road, Constitution Hills
1126 Quezon City, Philippines
Fax No.(02) 8-932-0179
CCB Text: 0908-8816565
Email Address: email@contactcenterngbayan.gov.ph
Websites: [ http://www.csc.gov.ph/ | http://www.contactcenterngbayan.gov.ph/ ]

***Any emails that exceed 5MB in total size will not be processed by our support system please re-size and resend.***
"Privileged and confidential information may be contained in this message. If you are not the intended recipient of this message, you may not use, copy, disclose, forward or distribute the contents of this message to any entity. If you have received this communication in error, please notify us immediately by replying to this email, and then delete this email immediately from your system. If verification is required please request a hard-copy version. The views, opinions, and other information expressed in this message are those of the sender and do not necessarily reflect the views of the Commission. The Philippine Civil Service Commission does not accept liability for any errors or omissions in the contents of this message which arise as a result of email transmission. Before opening any attachment, please check them for viruses and defects."

---------- Forwarded message ---------
From: **Frederick Urbano** <furbano55@yahoo.com>
Date: Thu, Sep 21, 2023 at 9:37 PM
Subject: COMPLAINT FILED BY FREDDERICK V. URBANO AGAINST CENR OFFICER ANASTACIO A. SANTOS OF CENRO, SABLAYAN, OCCIDENTAL MINDORO. 8888 TICKET REF. NO. W20230808-956-11 (FOLLOW-UP)
To: denr@8888.gov.ph <denr@8888.gov.ph>, actioncenter@denr.gov.ph <actioncenter@denr.gov.ph>, mimaroparegion@denr.gov.ph <mimaroparegion@denr.gov.ph>, email@contactcenterngbayan.gov.ph <email@contactcenterngbayan.gov.ph>, R4B PENRO Occ. Mindoro <penroocc.mindoro@denr.gov.ph>

September 22, 2023

Mr. ERNESTO E. TAÑADA
OIC-PENR Officer
Mamburao, Occidental Mindoro.

SUBJECT: W20230808-956-11 (FOLLOW-UP)

Dear Sir,

Mapagpalang araw po!

Ako po ay nakatanggap ng kopya ng MEMO po ninyo na may petsa noong September 4, 2023 tungkol sa pag create ng Fact-Finding Team hinggil sa aking reklamo laban kay Mr. Anastacio A. Santos.

Nais ko po sanang mag follow-up kung ano na po kaya ang nangyari. Nais ko din pong ipagbigay alam na ako po ay naghihintay at nakahandang ipakita sa inyong itinalagang mag-iimbestiga ang katotohanan hinggil sa ginawang pagmumura sa akin ni Mr. Anastacio A. Santos.

Marami pong salamat at mabuhay po kayo.

Lubos na gumagalang,

FREDDERICK V. URBANO

furbano55@yahoo.com
09055555681

September 22, 2023

FELIX R. MIRASOL JR.
CESO IV
Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region.

SUBJECT: W20230808-956-11 (FOLLOW-UP)

Nakatanggap po ako ng sulat/sagot galing kay CENR Officer Anastacio A. Santos, na nagsasabing "recycle, nonsense and pure lies ang aking reklamo."

Ako po ay minura ni Cenro Anastacio A. Santos noong March 23, 2023 9:21pm sa pagtawag nya sa aking cellphone na umabot ng 12:05 minuto.

Pagkatapos po ng ilang araw, matapos akong murahin ni Cenro Anastacio A. Santos, isa po ako sa mga nakatanggap ng paanyaya na dumalo sa pagpupulong na gaganapin sa DENR Cenro, Sablayan noong Marso 29, 2023 (see attached file), sa pangunguna ni Cenro Anastacio A. Santos.

Nang ako po ay binigyan ng pagkakataong magsalita sa pagpupulong ni Cenro Anastacio A. Santos, ako po ay tumayo at sinabi ko sa lahat ng nasa pagpupulong ang lahat ng mga **pagmumurang ginawa sa akin ni Cenro Anastacio A. Santos, kagaya ng "bakla ka", "gago ka", "punyeta ka", "putang ina mo", "animal ka", "siraulo", " tang-ina ka", "bastos ka" "duwag ka" "letse ka" at ang pinakamasakit ay paratangan ako na "magnanakaw".** binanggit ko din ang ginawang panghihingi sa akin ni Mr. Tony Ungria ng malalapad at mahahabang Gmelina na gagamitin sa sofa at lamesa daw ni Cenro Anastacio A. Santos, bagay na hindi ko sa kanya naibigay dahil walang available na haba noong panahon na sya ay nanghingi, sinabi naman ni Mr. Tony Ungria na nanghingi nga sya pero wala naman nga syang nakuha. Sinubukan ko po sanang mag record ng pagpupulong, subalit hindi ako pinayagan ni Cenro Anastacio A. Santos at sinabing sila lamang sa opisina ang may karapatang

magrecord ng pagpupulong. Kung ako po ay “nagsisinungaling” dapat noon pa ako kinasuhan ni Cenro Anastacio A. Santos pagkatapos ng pagpupulong dahil iyon po ay recorded.

Ang kasinungalingan po ay ang kanyang palusot na “maybe there’s a group of dishonest men and unscrupulous loggers formed”. March 23, 2023 po nya ako minura, April 3, 2023 po ako nagfile ng Complaint, tapos yung mga sinasabi nyang kinasuhan nya ay ngayong buwan lamang ng August 2023. Paano po kaya naging konektado sa aking reklamo ang mga sinasabi nyang kanyang kinasuhan? Akin din pong napag alaman na ang sinasabi nyang kinasuhan ay na-**DISMISSED,** isang “INSTANT CASE” at walang sapat na basehan. Na bunga lamang ng kanyang pamemersonal at panggigipit, kagaya nga ng naranasan ko sa kanya. Ito po ay isang pagpapatunay na iniliaw lamang ni Cenro Anastacio Santos ang usapin sa ginawa nya sa aking pagmumura upang maitago nya ang kanyang ginawa sa akin.

**Ako po ay indibidwal na naghahanap lamang ng katarungan sa ginawa nya sa akin na sobrang pagmumura at pagtawag ng magnanakaw na dinig ng aking asawa at anak na pitong taong gulang.**

Nagpaparatang si Cenro Anastacio A. Santos ng “Unscrupulous loggers” Samantalang si Cenro Anastacio A. Santos, ang nagkaroon ng kaso ng P.D 705 sa Pola, Oriental Mindoro, noong March 15, 2020 (panahon po na si Mr. Anastacio A. Santos ay sa Socorro, Oriental Mindoro naka-assign). Ako po, bilang Tree farmer, nakapagtanim na po ako ng humigit kumulang sa 40,000 puno ng gmelina at mahogany, More than 200 banana, more than 100 niyog at sa ngayon po ay more than 500 narra na itinatanim. Yearly po ay patuloy ang aking pagtatanim.

Maitanong ko lang po kay Cenro Anastacio A. Santos, ilang puno na po kaya ang naitanim mo, sa sarili mong hirap, salapi at panahon? Sa halip na tulungan kaming mga naghihirap magtanim ay pagpapahirap pa bago kami mabigyan ng CTPO, sa akin pong karanasan ay umaabot ng mahigit 4 months bago pa ako mabigyan ng CTPO at cutting permit, bagay na wala na sa Citizen’s charter.

Forum shopping daw po ang ginawa ko sang-ayon kay Cenro Anastacio A. Santos. Hindi po Forum shopping ang ginawa ko, humingi po lamang ako ng tulong sa 8888 (Office of the Secretary), Sumbungan Aksyon Center, at ARTA dahil sa kawalan ng aksyon sa mahigit apat na buwan simula ng magdulog ako ng aking reklamo, wala akong natanggap na kahit anong sagot mula sa dating RED Lormelyn E. Claudio. Ang proseso po ba ng kasong administratibo ay isang sulat/sagot pagtanggi lamang ng inerereklamo at pagkatapos ay tapos na? Sa akin pong palagay ay hindi po nabigyang pansin ang aking reklamo, kaya’t ako po ay lumalapit sa bagong RED at sa mataas na pamunuan ng DENR. Sa pamamagitan ng mga nabanggit na Sumbungan ng Bayan at sa bagong pamunuan ni RED Felix S. Mirasol, Jr. ako po ay lubos na nagpapasalamat sa pagbibigay pansin sa kaapihang inabot ko kay Cenro Anastacio A. Santos.

Sa challenged mo po Cenro Anastacio A. Santos tungkol sa “voice recording” kaya nga po ako nagpa follow-up sa kinauukulan ay upang maipakita ko at maipadinig sa mag-iimbestiga at kay RED Felix S. Mirasol, JR. ang ginawa mong pagmumura sa akin at sa iba pang tao na binanggit mo po sa ginawa mong pagmumura. Hinihiling ko po kay RED Felix S. Mirasol, Jr. na bigyan ako ng sulat paanyaya upang personal ko na dalhin sa kanya at iparinig ang voice recording.

At tungkol po sa sinabi pa ni Cenro Anastacio A. Santos na “ how come I will utter any disrespectful words to my clients knowing also my rules as a practicing Catholic gentleman and a man of the catholic church being a bonafide member of the Knights of Columbos with the purpose of charity to all men?”

**Alam mo po Cenro Anastacio A. Santos kung ano ang ginawa mo sa akin**, wag mo na po sanang gamitin at isali ang ating Panginoon at ang mabuting samahan ng Knights of Columbos sa pagkukubli ng ginawa mo, hindi mo po sila kasama ng ako ay pinagmumura mo.

**Wag po sana nating kalimutan na maging si satanas ay nagkunwaring anghel upang makapanloko. At sadyang may tao na nagkukunwaring santo, nagmamalinis habang hinahamak ang iba.**

**Ang hinihiling ko po lamang ay tamang pagdinig at imbestigasyon, upang maipakita ko at maiparinig ang ginawang pag mumura at pag alipusta sa akin ni Cenro Anastacio A. Santos nang sa ganoon ay makamit ko naman po ang hustisya**.

Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

FREDDERICK V. URBANO
furbano55@yahoo.com
09055555681

---

**2 attachments**

**Penro memo creation of fact finding team.pdf**
317K

**INVITATION meeting march 29, 2023.pdf**
329K